# SINA BUNSO AT ANG MGA BATANG PRESO

Nakakatamad.

Kamot sa ulo, kunot noo, hikab nang bahagya, singhot dito, sipat sa malayo, buntong hinga nang malalim at marami pang paulit-ulit na ritwal ang senyales na nagpapakita ng kawalan ko ng interes sa mga bagay-bagay. Mahigit apat na taon na ako sa Pamantasan ng Pilipinas (UP) at inip na inip nang tanggapin ang pinaka aasam-asam na diploma. Isama pa ang katakot-takot na nakalinyang gawain sa iniiwasan kong pakitang-turo sa kulungan ng mga batang preso na bahagi ng aking praktikum bilang isang guro sa kursong Special Education.

Ang aking gagawin kasama ang mga menor de edad na bilanggo?

Kumain, matulog, makipag-asaran, magguhit kung ilang araw pa ang ipamamalagi sa kulungan, magbasa ng komiks, magsulat sa pader, magmasid sa trip ng mga presong kabataan dapat lang ay bigyan ko sila ng mga gawain na kapaki-pakinabang. Nakakatamad pa ring gawin ngunit pipilitin ang sarili pagkat alam kong ito naman ay may kabuluhan.

Kinakabahang manatili sa loob at makulong?

Natatakot na mapagtripan, excited sa panibagong karanasan, bahagya ring napipilitan, kinukumbinsi ang sarili na makakatagpo ng kaaliwan sa mga batang preso na matuturuan.

Unang araw sa piitan.

Tumatagaktak ang malagkit na pawis sa aking buong katawan. Nabibingi ako sa kanilang pagkalampag sa rehas na bakal at sa dumadagundong nilang hiyawan. Ang mga karanasan at eksenang sa mga liham ng bilanggo sa isang pitak ng tabloid ko lang dati nababasa ay ganap ko nang nararamdaman.

Buhay sa loob.

Ang katamaran ko ay bahagya nang nabawasan dahil sa panibago na namang karanasan. Magkahalong saya at kaba ang naramdaman ko sa unang araw ko sa Molave. Saya pagkat alam kong marami akong bagay matutunan mula sa kanila at marami rin naman ang nakapiit na aking matutulungan. Bahagyang kaba rin ang kumakabog sa aking dibdib. Marahil ay natural lamang ito dahil hindi ko alam ang maaaring mangyari sa mahigit anim na oras bawat araw na pananatili ko sa kulungan.

Matatagpuan sa likod ng Quezon City Hall ang Molave Youth Home, ang kanlungan ng mga kabataang naligaw raw diumano ng landas sa lungsod ng Quezon. Nakikisilong ito sa ikalawang palapag ng gusali ng DSWD. Bago makarating sa makipot na hagdan ng tanggapan, araw-araw ko ng ritwal ang pagpapakapkap at pagpapasiyasat sa mga *security escorts*. Maliban sa ibang bansag at uniporme ay katulad din sila ng tipikal na mga *jail guards.* Sa halip na ang karaniwang suot ng mga bantay ay nakapostura sila ng malamlam na asul na polo, itim na pantalon at kumikinang na sapatos. Nalaman ko na ito raw ay upang mabawasan ang impresyon ng mga bata na sila ay nasa kulungan.

Sa pagsisimula ng aking praktikum ay isinaulo ko muna ang mga batas sa loob

na dapat kong sundin. Bawal magbigay ng mga matatalim na bagay tulad ng bolpen at gunting maliban kung kailangan sa klase at titiyakin na maibabalik din pagkatapos. Hindi rin sila maaaring gumamit ng sipilyo nang mag-isa dahil maaari raw itong ipanaksak at makapatay ng tao. Marami pang ibang bilin si Gng. Cayco, tagapangasiwa ng Molave na maingat ko namang isinama sa aking mahabang listahan. Upang ganap raw akong mabinyagan bilang isang tunay na taga-Molave, kinain ko (habang nakapikit) ang inihain sa akin na palakang bukid at salagubang na mula pa sa malayong probinsya ng Cagayan. Kahit hindi nakakatakam sa aking pihikang panlasa ay sinaid ko ito upang mapatibay ang sikmura bilang paghahanda sa iba ko pang mararanasan.

Habang binubuksan ng nakatalagang *security escort* ang naglalakihang mga kandado patungo sa pasilyo ay unti-unti ko na silang nasilayan. May batang nakahubad at nagkakamot pa ng kanyang galising mga binti. Ang isa naman ay nanlilimahid na dahil sa kakulangan ng maayos na ligo. May ilan naman na halata kong bagong ligo at tila handang-handa na sa pagpasok. Lahat ng bata sa loob ay nakasuot ng putáng (tawag sa madungis na puti) t-shirt bilang kanilang pagkakakilanlan.

Isa-isa ko na ring nakilala ang mga gurong nakatalaga sa bawat klase. Si Gng. Gonzales na mahilig umindak at umawit habang nagpapalaro sa mga eskwela. Ang bigay na bigay ang mga emosyon sa pagkukwento sa klase na si Gng. Ballon. Ang masayahin at hindi nauubusan ng kwento na si Gng. Vargas. At gayundin ang

katuwang kong guro sa hayskul na hindi matatawaran ang galing sa Matematika na si Gng. Cuevas.  Silang tatlo ay pawang mga guro ng Jose Fabella Memorial School at naatasan ng Kagawaran ng Edukasyon na magbigay ng alternatibong mga kaalaman sa mga nakapiit na kabataan.

Mahirap malaman kung ilan ang eksaktong bilang ng mga paslit na naninirahan sa Molave.  May araw na 120 ang mga lalaki at 10 lamang ang mga babae.  Pabago-bago ang mga datos na ito pagkat marami ang nadaragdag bawat araw samantalang ang ilan naman ay tuluyan nang nakakalaya.  Karamihan sa mga batang nakilala ko ay may gulang na 10 hanggang 17.  Ang katotohanang ito ay tila nakakaalarma dahil sa pabata nang pabata ang mga nakakasalamuha ko paglipas ng mga araw.

Hindi magkamayaw ang mga bago kong kaibigan nang ipasyal nila ako sa kanilang pansamantalang tahanan.  Humigit kumulang ay anim ang nakita kong selda. Ang mga *social worker* ang nagtatalaga kung saang silid sila mapapabilang.  Karaniwang pinagbabatayan ang edad at kaso na kinasasangkutan.  Nasa bungad ng mga silid ang isang pasilyo na pinagdarausan ng mga pang araw-araw na programa tulad ng *3 o'clock habit*, *siesta* pagkatapos ng  pananghalian at maging ang mga pagtatanghal tuwing may mga pagdiriwang.  Matatanaw naman sa pasilyo ang kusina at mahabang mesa na kayang iokupa ang lahat ng mga batang naninirahan dito.  Mga limang hakbang din mula sa pasilyo ay mararating na ang malaking espasyo kung saan isinasagawa ang mga klase.

Habang tumatagal ay higit ko nang nakikilala ang bawat bunso na aking

nakakasama. Sa kanilang mga kwento ay nalaman ko ang iba't ibang kadahilanan kung paano sila napadpad sa kasalukuyan nilang kinalalagyan. Karamihan sa kanila ay kumuha ng mga bagay na walang pahintulot ng may ari. Ilan daw sa paborito nilang umitin ay mamahaling *cellphone*, pera, mga paninda at maging ang tanso na nakalagay sa metro ng tubig. Ang ilan ay napapangiti pa habang sinasabi ang kanilang natatanging mga istilo sa paggawa ng mga ito. Matapos magbida ng sarili ay iginigiit din nila na sadyang gipit lang sila at kailangan lang ng pantawid ng gutom. Ang ilan sa kanila ay nasangkot na sa pagtutulak ng droga. Bahagya naman akong napaplunok ng laway kapag naririnig na sila ay nakapatay na ng tao.

Tuwing may bagong dating na bunso ay nakagawian na nilang magpakilala sa bagong mga kakosa. *"Anong pangalan mo?" "Saan ka nakatira?" "Anong year ang narating mo sa labas?"* Ang unang tatlong tanong na ito ay walang kagatul-gatol nilang sasagutin ngunit bahagyang matitigilan pagdating sa ikaapat. *"Bakit ka nandito?"* Karaniwan ng sagot ang 'nagbabakasyon lang' ngunit sa huli ay sasabihin din ang gusot na kinasangkutan. Labas sa tenga ng mga kamag-aaral nilang nakakarinig ang mga kasong pagnanakaw at pagpatay. Higit na nakakakuha ng atensyon at nagiging tampulan ng tukso ang sinuman na nakasuhan ng panggagahasa. Para sa kanila, ito ay sadyang nakakahiyang kasalanan.

May mga oras na tinatamad pa rin ako ngunit unit-unti na itong napalitan ng paghanga sa mga batang preso.

**Sina bunso at ang mga batang preso…ay unti-unting natuto.**

Hindi lahat ng nasa Molave ay may nagawang kasalanan. May ilan na dinampot dahil sa pakalat-kalat daw diumano sa lansangan at namamalimos. Nariyan din ang mga totoy na sadyang isinuko na ng kanilang mga magulang. Matigas daw ang ulo at ang iba naman ay wala nang makain. Kasama rin sa mga nahuhuli ang mga binatilyong nababagansya dahil sa pagpapalipas ng oras at pagtambay sa kalsada tuwing diyes oras na ng gabi.

Tuwing umaga ay nagmamadali akong sumakay ng jeep mula Cubao papuntang City Hall. Daig pa ang pagmamadali ko tuwing may klase o kaya naman ay meeting na dapat puntahan. Karaniwan ay alas otso ako dumarating ng Molave maliban kung mga araw ng Martes at Huwebes dahil may klase pa ako sa UP hanggang alas diyes ng umaga. Bitbit ang naglalakihang mga abubot ay humahangos ako sa paglalakad upang hindi mahuli. Gusto kong maging parehas sa kanila. Katulad ng mga bata sa ibang paaralan ay karapatan din nila ang maayos at de-kalidad na edukasyon. Maliban sa mga visual aid ay nakagawian ko na ring bumili ng diyaryo upang magkaroon sila ng ideya sa mga nagaganap sa labas.

**Sina bunso at ang mga batang preso…ay may samu't saring mga kwento.**

Mabilis kong nakagaanan ng loob ang mga itinuturing kong bunsong kapatid sa panibago kong tahanan. Isa sa kanila ay si Dan*, may gulang na 17, may hitsura at matikas ang pangangatawan. Panggagahasa ang kanyang naging asunto. Aniya, nagsisimula ang kanilang araw pagpatak ng alas singko ng umaga. Kahit pikit pa ang mga mata ay pumupila na sila para sa head count upang matiyak na walang tumakas

sa nakalipas na magdamag.  Sumunod dito ay ang walang patid nilang pag eehersisyo na magpapatibay raw ng kanilang mga buto at kalamnan.  Matapos kumain ng bochow na almusal ay wala ring pwedeng lumiban sa kanilang *morning meeting.*  Dito sinasabi ng kanilang mga *house parent* ang kanilang mga gusot o atrasong nagawa at maging ang ilang mahahalagang paalala.

May ilang nadagdag sa aking bokabularyo mula sa mga pagbibida ng isa pang bunso.  Si Carlo*, 13 anyos pa lamang ay marami nang alam na salitang kanto sa labas na nadala hanggang sa selda nito.  Isa siya sa mga kusang loob na dinala ng magulang sa tanggapan ng DSWD.  Una kong narinig ang salitang *bochow* at *mala-mala* habang isinisigaw nila ito sa Jingle Competition sa loob noong Buwan ng Nutrisyon.  Bagama't hindi sila nanalo ay nalaman ko na ang *bochow* ay ang malilinamnam na pagkain na pinapangarap nilang matikman.  Ilan sa mga natatakam nilang kainin ay ang kumikinang sa mantikang lechon, malinamnam na pritong manok o kaya naman ay crispy pata na sadyang malutong.  *Mala-mala* naman ang tawag sa ulam na walang lasa at idinaan lang sa bumabahang sabaw.  Kapag hindi nakakasagot ang isa sa klase, binibinyagan naman nila ito ng *tolongges* na ang ibig sabihin ay mahinang umintindi. Madalas din nila akong tawagin na *malalim* dahil sa aking mga bago at kakaibang ideya na ibinabahagi ko sa buong klase.  Palasak din ang T.B.S. o *True Brown Style* at maging ang B.N.G. Na mas kilala bilang *Bahala Na Gang* na samahan ng mga kabataan sa Molave at maging sa labas nito.  Hindi maikakaila na nagkaroon na rin ito ng sangay pagkat bumubulaga na rin ang kanilang mga bandalismo sa mga lansangan ng Cubao,

sa eskinita ng Quiapo at maging sa matulaing bayan ko sa lalawigan ng Quezon.

Sama-sama sa aking klase na animo'y lata ng sardinas ang mga nakatungtong na ng hayskul. Dahil sa hindi mapigil na pagtindi ng masangsang na amoy, hinati sila sa dalawang grupo. Palitan ang dalawang pangkat sa pagpasok bawat araw. Wala itong pinagkaiba sa mga paaralan sa labas na may dalawa o higit pang *shift* ng klase sa isang araw. Kalaban naming lahat ang matinding init at ulan. Hindi sapat ang laki ng pinaglumaang trapal na nagsisilbing bubong upang kaming lahat ay makanlungan. Kapos din kami sa mga kagamitan. Natural lamang na ako ang umaako ng bolpen at papel nila. Upang makatipid, ginagalugad ko ang makitid na kalsada ng Sto. Cristo sa Divisoria upang makuha ang mga ito sa murang halaga. Hindi naman ito bago pagkat karaniwan na itong senaryo sa ibang mga pampublikong paaralan sa bansa na nadalaw ko.

Pagkatapos ng bawat klase ay isa-isa kong binibilang ang mga bolpen upang matiyak na walang maipupuslit sa kanilang mga selda. Minsan ay hindi na ako makatulog buong gabi nang maalala na humiram si Carlo* ng bolpen at hindi nito naibalik. Iba't ibang posibilidad ang naglalaro sa isip ko ang higit na nagpapakaba sa akin. Halimbawa ay ang isang krimen sa magdamag dahil sa saksakan ng bolpen. Mabuti na lang at hindi ako binigo ng aking estudyante. Si Carlo* mismo ang nagbigay sa *house parent* ng bolpen upang maibalik sa akin kinabukasan.

Tumataba ang puso ko tuwing maririnig ko mula sa kanilang dila na marami silang natutunan sa akin. E paano ba naman, mas madalas daw silang nasa kalsada

noon sa halip na nasa paaralan. Tulad ni Jay*, 15 anyos na mula pa sa Cagayan ay naglayas at napadpad sa Maynila. Dahil sa matinding gutom ay nagawa niyang magnakaw. Nang madakip ay una siyang dinala sa City Jail ngunit dahil nga menor de edad pa kaya inilipat sa Molave. Salat man sa pagmamahal ng mga kapamilya sa probinsya, pinunan ito ng Molave ng sapat na pagkain, makabuluhang mga programa at edukasyong humuhubog sa mura pa nilang kaisipan. Hindi maipaliwanag na kasiyahan ang aking nadarama tuwing matatapos ang bawat klase. Sa loob ng anim na oras na pagtuturo ay may ilang bunso na naman ang aking napasaya at nabigyan ng panibagong pag-asa.

Minsan ay nagugulat na lang ako sa pagdating ng mga *security escorts s*a gitna ng aming talakayan. Ibibigay nila sa akin ang kapirasong papel na naglalaman ng *excuse slip* ng isang bunso. Karaniwang natatapat sa oras ng klase ang kanilang pagdinig sa korte. Mahaba-habang proseso ang pag-usad ng kanilang kaso. Umaabot sa tatlo ang kanilang *hearing* bilang akusado. Si Kevin*, may gulang na 17 at may kasong pagpatay ay madalas kinakabahan sa pagpunta sa husgado. Madalas daw siyang pinagpapawisan nang malamig tuwing humaharap sa hukom, sa mga naghabla sa kanya at maging sa mga usiserong naroroon. Aniya, mapalad na kung hindi makarating ang mga naghabla sa pag-asang ma-*dismiss* ang kaso. Dagdag pa niya, kailangang masarhan ang kaso habang wala pa siya sa edad na 18. Sa oras na mabinbin ang pagdinig at dumating siya sa legal na edad, wala na siyang magagawa kundi ang bunuin ang paghihintay ng sintensiya sa Quezon City Jail.

Kinakatakutan ng bawat bunso ang mapiit sa City Jail. Giit pa ni JR*, 16 at kinakaharap ang bintang na pagtutulak ng *shabu* na bangungot para sa kanya ang malipat sa kulungan ng mga may sapat ng gulang. Bahagya siyang nanginginig tuwing inilalarawan ang madilim at mabahong selda na maaari niyang kasadlakan. Para sa kanya, langit nang maituturing ang pamamalagi niya sa Molave. Maging sa pagharap sa hukom, kailanman ay hindi niya naranasan ang maiposas. Nawala rin ang tensiyon sa kanya dahil sa pagpapayo ng mga *Social Worker* at maayos na pangangalaga ng mga *security escort* na itinuturing na niyang nakatatandang mga kapatid. Kabaliktaran ito ng tunay na kalagayan sa ibang mga kulungan. Madalas ngang biro ni JR*, *"Kahit na nakalulong, may aral at pagkain naman."*

Marami na rin ang nakalaya na mas pinipili pa ang bumalik sa Molave. Tulad ni Alvin*, 17 at may ilang ulit nang nabagansya. Mahirap paniwalaan ang katotohanan na higit daw siyang nagiging malaya sa loob. Pinakagusto raw niya ang pagdalaw ng mga bago niyang katropa. Katropa ang tawag niya sa mga *internship students* na nagagandahang mga *nurse* at mababangong mag-aaral mula sa St. Mary's at Claret School. *Bochow* rin para sa kanya ang mga regalo nilang pagkain na pansamantalang nagpapangiti sa kanya. Minsan ay nakita ko siyang nanlumo nang dumating ang ilang mag-aaral ng CWTS mula sa isang kolehiyo. Nanliliit daw ang tingin niya sa sarili kapag tila pinagkakatuwaan siya ng iba. E, hindi raw naman siya unggoy upang pagkaguluhan dahil sa kanyang seldang kinalalagyan. Ang nais lang daw niya ay sapat na respeto at tamang paggalang.

Bagama't langit para sa ilan ang pananatili sa Molave, matinding pagkabagot naman ang kailangang bunuin ng ilan. Ito ang karaniwang pinapasan ng mga batang hindi na dinadalaw ng magulang at mag-isa na ring humaharap sa pag-uusig ng katarungan. Paggawa ng pato at sisidlan mula sa tinuping mga papel ang nakagawian nilang pampalipas ng oras. Si Dave*, 17 at kilalang mahilig sa basag ulo ang nangunguna sa pagkaaliw sa mga makikinang na bagay na ito. Napapakamot ako ng ulo tuwing maririnig ang mga matitikas at maaangas na bunsong ito na humihiling ng *glitters* na palamuti raw nila sa mga ginagawang sisidlan at pato. Upang mapagbigyan ay sinusugsog ko pa ang pinakamurang *glitters* sa kahabaan ng Kalye Juan Luna sa Divisoria upang bumili nang maramihan. Ilang oras din ang aking ginugugol sa gabi upang matakal ito isa-isa. Ito ang ibinibigay kong insentibo sa nakakasagot sa mga tanong ko nang wasto.

Kakaibang samahan din ang nabubuo sa Molave sa mga oras na malaya silang maglaro. Karaniwang libangan ng mga bunso ang *basketball, table tennis, badminton* at maging ang *weight training*. Napapakunot ang noo ng mga bunso dahil walang makatalo sa akin sa larong *table tennis*. Ilang ulit na rin akong nakasaksi ng rambol habang may nagkakatuwaan. Nagtalo kung sino ang unang titira, Pak! Hindi sumunod ang nakatalagang pupulot ng bola, Blag! Nagkahampasan ng raketa, Kapaw! At maging ang simpleng biruan ay nauuwi rin sa matinding suntukan. Pak! Blag! Kapaw! Susundan pa ito nang maaanghang na sagutan na animo'y bahagi ng isang maaksiyong pelikula. Nananagot naman sa mga kinauukulan ng Molave at binibigyan

ng karampatang disiplina ang nag-umpisa ng gulo.

Sa isang umpukan ng mga astigin na gumagawa at nagdedekorasyon ng pato ay nakilala ko si Patrick*, 17 taong gulang na tila nangungusap ang mga matang may nais sabihin. Sa ilang palitan ng salita ay nalaman kong magkapit-bahay pala kami sa Kalye ng Lantana sa Cubao. Walang kagatul-gatol niyang ibinabahagi na isa siya sa mga batang kumukulimbat ng *cellphone* sa matataong lugar sa Cubao. Buong pagpapakumbaba niyang iniisa-isa ang mga gawi na nais na niyang talikuran. Sa pakiusap ni Patrick* at pahintulot ng kanyang *house parent* ay naranasan ko na rin ang maging mensahero. Ilang sulat din ang nadala ko palabas at papasok ng Molave mula sa isang nangungulilang bunso at sa bahagyang nakalimot niyang pamilya.

Kabilang din sa mga bunso ang mga bulaklak ng Molave na mabibilang lang sa aking mga dalari ang dami. Tumatak sa isip ko ang bisayang si Joan* (Dyu-an kung ipakilala ang sarili niya) na sa murang gulang na 15 ay namasukan na bilang kasambahay sa Maynila. Upang pansamantalang makalimot sa malungkot na nasadlakan ay minabuti niyang maging abala sa mga gawain sa loob. Animo'y isa siyang ganap na artista habang binubuhat na parang ibon sa saliw ng 'Bayan Ko' nang ginanap ang Buwan ng Wika. Hindi ko rin malilimot na manghang-mangha sa nangingibabaw niyang tinig ang mga kapwa niya bunso sa *Jingle Contest* noong Buwan ng Nutrisyon. Tulad ng isang tipikal na *teenager* ay hindi rin nawawala ang pagpaparehas ng mga bulaklak sa mga bubuyog nilang mga kasama sa klase.

**Sina bunso at ang mga batang preso…ay mayroon ding pangarap.**

Matatayog na pangarap ang karaniwang nabubuo sa loob ng Molave. Ito ang nagsisilbing inspirasyon nila para sa ninanais na pagbabago. Sa mga nakausap ko, karaniwan ng pangarap ang maging pulis, bumbero, sundalo, guro, doktor, nars, pari at ang pagiging Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Ang ilan naman ay nanganagarap na makapag-asawa ng mayaman at mayroon ding nagnananais na maging alalay ng isang artista o kaya naman ay ng isang maimpluwensiyang pulitiko. Upang makuha ang mga pangarap na ito ay hinihikayat ko silang kumuha ng pagsusulit na *PEPT o Philippine Educational Placement Test*. Mapalad sila pagkat nagtalaga na ng *testing center* ang Kagawaran ng Edukasyon sa loob mismo ng Molave Youth Home. Sa pamamagitan nito, maaari na silang makapagtapos ng elementarya at hayskul kahit hindi dumadaan sa pormal na edukasyon.

Bukambibig ni Gng. Cuevas ang dating mag-aaral na nakakuha ng iskolarsyip sa *La Salle Greenhills* kamakailan. Isama pa ang ilang mga bunso na naging matagumpay na at pawang nakarating na sa malalayong mga bansa. Hindi naman maipaliwanag ni Gng. Gonzales kung lungkot o saya ang kanyang mararamdaman nang muling makita sa labas and dating eskwela. Hinihingal daw niyang tinatahak ang matarik na *overpass* sa Cubao nang harangin siya ng ilang gusgusing kabataan. Sa takot na mapahamak ay ibibigay na niya ang kanyang pera at ilang gamit nang biglang dumating ang isang munting bayani. Siya ay isang dating taga-Molave na habang humahangos pagtakbo ay sumisigaw ng "Tigilan nyo yan! Hindi kami talo ni Mam Gon!" Sa mga sandaling iyon ay hindi raw naging ganap ang kasiyahan ni Gng. Gonzales nang makita na

patuloy pa rin pala sa maling gawi ang ilang bunsong nakalaya na. Mula noon ay paulit-ulit niyang sinasabi na hindi sukatan ng tagumpay ang yaman at sa halip ay higit na mainam na pamumuhay na may karangalan.

Sadyang kay bilis ng oras at hindi ko na namalayan na kailangan ko na palang magpaalam. Maraming sandali na mas gusto ko pang manatili sa loob kaysa gumimik sa labas. Ito marahil ay dahil sa pagiging simple at totoo nila kumpara sa labas na kadalasan ay mapanlinlang na mundo. Baon ang ilang sulat ng pasasalamat at ang nagkalalakihang regalo nilang mga kumikinang na pato ay may ilang gumugulo sa isip ko. Ano na kaya ang susunod na kabanata sa buhay ng mga bunsong nakilala ko? Makapagbabago pa kaya silla gaya ng inaasahan sa *Republic Act 9344* na mas kilala bilang *Philippine Juvenile Justice Welfare Law*? O matutulad din sila sa mga bunsong nakita ko sa dokumentaryong *Bunso* ni Ditsi Carolino? Nanghinayang at nalungkot ang mga manonood sa kanyang dokyu nang malaman na ang bidang bunso ay nalamon ng maling sistema sa loob ng kulungan ng matatanda at hindi nagtagal ay binawian ng buhay at nawalan na ng pagkakataong makapagbago.

**Sina bunso at ang mga batang preso…ay muling nakalabas.**

Nagkamali ako sa pag-aakalang tapos na ang misyon ko sa Molave. Ilang buwan matapos ang pamamalagi ko sa minsan ay itinuring kong tahanan ay muli kong nakita ang isang kaibigan sa tapat ng palengke ng Arayat sa Cubao. Nagulat ako nang may narinig akong tumatawag sa aking pangalan at sabay akbay sa akin mula sa gawing likuran. Hindi ko na matandaan ang pangalan dahil sa nangangayayat at tila kulang sa

tulog niyang mukha. Ang tanging naaalala ko lamang ay mag-aaral siya ni Gng. Ballon. Sa aming kamustahan ay nalaman kong itinuloy niya ang kanyang pag-aaral sa laya. Bahagya akong napangiti sa panibagong pagkakataon na naghihintay sa kanya.

Kabaliktaran naman ito nang muli kong makita ang kapit-bahay ko sa bunso sa Cubao na si Patrick*. Patuloy pa rin siya sa raket na pagkuha ng cellphone sa kahabaan ng Aurora Boulevard at EDSA Cubao. Hindi miniminsan ay binigyan pa niya ako ng diskwento nang ialok sa akin ang kanyang mga nakulimbat. Sa mga sandaling iyon ay bahagya akong natigilan at nanlumo. Tinanong ko ang aking sarili kung sino ba ang higit na responsable sa malungkot na senaryong ito? Ang mga magulang ba na minsan ay nagkukulang din sa kanilang mga anak? O kaya naman ay ang sistema mismo ng pamahalaan ang may pananagutan? Marahil ay mayroon din akong magagawa upang ang mga katanungang ito ay magkaroon ng kasagutan. Sinubukan kong alamin ang ilan sa mga sanhi ng hindi mapigilang pagdami ng mga tinatawag na *youth offender* upang kahit paano ay mabigyan ito ng pansin sa lalong madaling panahon.

**Sina bunso at ang mga batang preso…handa na nga bang magbago?**

Sinikap kong puntahan ang iba pang kanlungan ng mga kabataang naligaw ng landas tulad ng Manila Youth Reception Center na nasa pamamahala ng Manila City Hall at ang Manila Boystown sa Fortune, Marikina. Sa maikling panahon ng pamamalagi ko roon ay nalaman ko na ang karamihan sa kanila ay pawang napadpad lamang sa Maynila. Ang matinding pagkauhaw sa oportunidad ang nagtulak sa kanila sa lungsod. Sa halip na matagpuan ang liwanag ay bahagyang nalihis ng daan at

ngayon nga ay pawang nagsisikap na muling makahaahon at makabangon.

Nabatid ko rin na ang higit na bilang ng mga batang nasa Molave Youth Home, Manila Youth Reception Center at Manila Boystown ay pawang nagmula sa mahihirap na pamilya. Isang halimbawa ay ang mga *gang* na nabuo sa Bagong Silang sa Kalookan noong Dekada Sesenta. Talamak sa naturang lugar ang lahat ng uri ng krimen na kinasasangkutan ng mga kapus-palad na kabataan. Sa isang pambihirang pagkakataon ay pinaunlakan akong makapanayam ang isa sa dating lider ng mga gang. Kabilang siya sa Pamilya Adduro na kauna-unahang mag-anak na nakapagbagong buhay dahil sa bagong buhay at mga programang ipinagkaloob ng Gawad Kalinga. Sa tulong ng nga makabuluhang gawain na pinasimulan ng GK, ang dating kinatatakutang *gang* lider ay isa ng empleyado at mapayapa nang namumuhay sa ngayon. Hindi ko makakalimutan ang kanyang munting ibinahagi, *"Noon kilala ang Bagong Silang na isang lugar na puno ng kaguluhan. Ngunit ngayon, pag sinabing taga Bagong Silang, ang bagong pagtingin ng mga tao ay nagbagonh buhay na 'yan!"*

Habang pauwi mula Bagong Silang ay nagkaroon ako ng panibagong pag-asa. Pag-asa para sa mga kaibigang bunso at sa lahat ng mga batang presong nakapiit ngayon dito sa Pilipinas. Marahil ay mahirap nang mapantayan ang mga pagpapanibagong buhay na pinasimulan ng Gawad Kalinga ngunit batid kong marami pa tayong maaaring magawa. Ang isang simpleng pagsilip sa tunay nilang kalagayan ay sapat ng halimbawa. Sapagkat ito ang magtutulak sa ating mga sarili upang ibigay ang kontribusyon sa munting mga bagay na maaari nating maiambag. At kapag

pinagsama-sama ito ay makapagbabago na ng buhay ng isang bata at maging ng isang buong komunidad.

Tuwing makikita ko ang medalya ng karangalan na isinabit sa akin ng magtapos ako sa Pamantasan kamakailan, bumabalik sa akin ang mga alaala ng Molave. At upang maging ganap ang kislap at halaga ng medalyang ito, nagdesisyon akong magturo sa isang *Community Based Rehabilitation Center* o lugar ng pagpapanibago at pagkatuto ng mga mahihirap sa lungsod ng Mandaluyong. Sa pamamagitan nito, makasisiguro ako na ang mga batang matuturuan ko ay hindi na mararanasan ang maging bunso at hindi na rin mapapabilang sa mga tinatawag na batang preso.

Kamot sa ulo, kunot noo, hikab nang bahagya, singhot dito, sipat sa malayo, buntong hinga nang malalim at marami pang paulit-ulit na ritwal ay madalas ko pa ring nararamdaman. Ngunit ang natatanging mga karanasan ko sa loob ng piitan ay tatatak na sa aking isipan.

*Hindi tunay na pangalan upang maitago ang pagkakakilanlan